

Paggamot at Pag-iwas sa COVID-19 para sa Mga Tao na Mataas ang Panganib na Magkasakit



Nasuri pa lang ba kayong positibo sa COVID-19?

May available na paggamot para sa mga taong 28 araw at mas matanda pa na mayroong mga sintomas at mataas ang panganib na magkasakit nang malubha, kahit na nabakunahan na sila. Nakalista sa asul na kahon sa ibaba ang ilan sa mga dahilan na posibleng maging nasa mataas na panganib ang isang tao. Makipag-usap sa isang provider ng pangangalagang pangkalusugan para malaman kung nararapat para sa inyo ang paggamot.

TANDAAN: Maaaring iba ang mga kinakailangan sa edad at timbang para sa bawat paggamot.

- **Kamakailang nasuring positibo para sa COVID-19 at nakakaranas ng mild hanggang sa katamtamang mga sintomas ng COVID-19, AT**
- Mayroong isa o higit pa sa mga sumusunod na dahilan ng panganib para sa malubhang sakit, pagkakaospital o pagkamatay:
 - Labis na katabaan o labis sa timbang
 - Mas matanda (65 taong gulang at pataas)
 - Pagbubuntis, diyabetis, hindi gumagaling na sakit sa bato, huminang resistensya (immune system), mga kondisyon sa kalusugan ng isip, sakit sa puso, mataas na presyon ng dugo at ilang sakit sa baga, tulad ng COPD at hindi malubha/malubha na hika
 - Iba pang mga medikal na kondisyon/dahilan, kasama ang lahi/etnisidad, na maaaring maglagay sa mga pasyente sa mas mataas na panganib
 - Ang Black/African American, Hispanic/Latino/a/Latinx, iba pang mga taong may ibang lahi ay dapat makipag-usap sa kanilang doktor
 - Tingnan ang website ng CDC para sa kumpletong listahan: [Mga Taong may Partikular na Medikal na Kondisyon | CDC](#)

Mayroon ba kayong huminang resistensya (immune system)?

Kung wala kayong COVID-19 at hindi kayo na-expose sa COVID-19, maaari kayong makakuha ng Evusheld para tumulong sa pagpigil sa impeksyon. Maaari rin ninyong makuha ito kung hindi kayo maaaring bakunahan. Makipag-usap sa isang provider ng pangangalagang pangkalusugan para malaman kung nararapat para sa inyo ang Evusheld.

Saan ako maaaring pumunta para magpaggamot?

- Mga Test-to-Treat site: Tingnan ang [COVID-19 Test to Treat Locator sa Ingles \(arcgis.com\)](#)
- Sa inyong provider/system sa pangangalagang pangkalusugan, mga klinika sa komunidad, mga retail na parmasya.
- Para sa mga paggamot na nangangailangan ng suwero (IV) o iniksiyon, ang ilang pasyente ay maaaring i-refer ng provider sa pangangalagang pangkalusugan sa isang infusion center.
- Maaari rin ninyong sagutan ang isang form para i-refer ang sarili para sa monoclonal antibody therapy, na isang uri ng paggamot, sa mga link sa ibaba:
 - **Total Infusion:** <https://totalinfusion.com/make-a-referral/>
 - **UCSF:** [UCSF External Self or Provider Referral for COVID-19 Monoclonal Antibody Outpatient Treatment \(PDF\)](#)
 - **Stanford Medical Center, Palo Alto:** Makipag-ugnayan sa [DL-SHC-Pharmacy- COVID@stanfordhealthcare.org](mailto:DL-SHC-Pharmacy-COVID@stanfordhealthcare.org) o tumawag sa (650) 391-8503. [COVID-19 Monoclonal Antibody Therapies - Patients | Stanford Health Care](#)



**ALAMEDA COUNTY HEALTH CARE SERVICES AGENCY
PUBLIC HEALTH DEPARTMENT**

Colleen Chawla – Agency Director
Kimi Watkins-Tartt – Director
Nicholas Moss, MD – Health Officer

Contact

Public Health Department:
(510) 267-8000 Main Line

COVID-19 Information:
(510) 268-2101

www.acphd.org

*Adapted from materials provided by the County of San Diego